

Umiiral at binabalak na mga panukala sa pagtataguyod ng pagkakapantay-pantay ng lahi

Konseho ng Hong Kong sa Pagiging Produktibo (Hong Kong Productivity Council)

Ang Konseho ng Hong Kong sa Pagiging Produktibo (HKPC) ay isang organisasyong may iba't ibang kakayahan na itinatag ng batas noong 1967, upang itaguyod ang kahusayan sa pagiging produktibo sa pamamagitan ng paghahandog ng namumukod-tanging mataas na teknolohiya at makabagong mga serbisyo upang tulungan ang mga negosyo sa Hong Kong. Nagsusumikap ang HKPC na pangasiwaan ang mga bagong produktibong pwersa ng Hong Kong, gayundin ang pagpapatibay sa Hong Kong na maging isang internasyonal na sentro ng pagbabago at teknolohiya at isang matalinong lungsod. Nag-aalok ang Konseho ng komprehensibong mga makabagong solusyon para sa mga industriya at negosyo ng Hong Kong, na nagbibigay-daan sa kanila na makamit ang mga mapagkukunan at paggamit ng produktibidad, pagiging epektibo at pagbawas sa gastos, at mapahusay ang pagiging mapagkumpitensya sa pamilihan ng parehong lokal at sa ibang bansa.

Mga Serbisyong May Kinalaman

- Ang HKPC ay nagbibigay ng serbisyo sa pagkukunsulta sa teknolohiya at pamamahala, kasama ang pagsasanay sa industriya upang makamit ang makabagong produkto, paglipat ng teknolohiya, at komersyalisasyon, at nag-aalok ng serbisyo ng sekretariat para sa mga iskemang pagpopondo ng Pamahalaan.

Umiiral na Mga

Panukala

- Pagkakaloob ng serbisyo
 - Ang mga serbisyo sa sekretaryat, pagkukunsulta at pagsasanay ng HKPC, atbp ay ipinagkakaloob sa Ingles at/o Tsino kung saan nararapat.
- Komunikasyon ng Impormasyon:
 - Ang impormasyong pangkorporasyon at serbisyo ng HKPC ay niilathala sa websayt na ito sa dalawang wikang anyo (Ingles at/o Tsino) upang madaling maintindihan ng pangkalahatang publiko.
 - Ang mga pampublikong katanungan sa pamamagitan ng mga email o telepono ay masasagot sa Ingles at/o Tsino kung saan nararapat.

- Pagsasanay ng kawani:
 - Pahasayin ang kamalayan ng mga kawani sa kaselanan ng ibang lahi, pagkakaibang kultura at pag-unawa sa Ordinansa ng Diskriminasyon sa Lahi (RDO) sa pamamagitan ng panapahong pagsasanay na isinagawa ng Ang Komisyon sa Pantay-pantay na Oportunidad.

Pagtatasa ng
Gawain sa
Hinaharap

- Patuloy na ipapatupad ng HKPC ang mga umiiral na panukala, at susuriin ang pagkakaloob nito ng serbisyo upang matiyak ang walang pagkiling kaugnay sa lahi, at gagawa ng mga pagpapabuti kung kinakailangan.

Mga Karagdagang
Panukalang Ipinatupad/
Ipatutupad

- Patuloy na babantayan ng HKPC ang mga pangangailangan ng iba't ibang pangkat ng etniko sa kung saan ipapatupad ang mga serbisyo at mga panukala, upang matiyak na pantay-pantay na naibigay ang mga serbisyo o impormasyon sa mga miyembro ng publiko, anuman ang kanilang pinagmulang lahi.
- Ang HKPC ay magbibigay ng aming mga serbisyo o impormasyon sa 8 mga wika (tulad ng Bahasa Indonesia, Hindi, Nepali, Tagalog, Thai, Urdu, Vietnamese at Punjabi) kung kinakailangan.

Para sa mga katanungan tungkol sa mga umiiral at ipatutupad na panukala sa pagtataguyod ng pagkakapantay-pantay ng lahi, magyaring makipag-ugnay sa HKPC sa pamamagitan ng mga sumusunod na pamamaraan -

Telepono : (852) 2788 5678
 Fax : (852) 2788 5900
 Email : hkpcenq@hkpc.org
 Address sa Koreo : HKPC Building, 78 Tat Chee Avenue, Kowloon

**Konseho ng Hong Kong sa Pagiging Produktibo
 Mayo 2024**